



Philippine Biblical Worldview Institute

Certificate in Biblical Studies

CBS800 Sermon on the Mount

Conrad Jun Tolosa

CBS804 Batas at mga Propeta, Part 2

Basahin Matthew 5:27-7:12

c) **Ang tungkol sa makalamang pagnanasa o lust.** Ang lust ay kasalanang nagsisimula at nabubuo sa puso ng tao. Ang sabi ni Apostol Pablo kay Timothy ay, *Flee from youthful lust!* (2 Timothy 2:22) Sa ganitong pagkakataon, hindi lang *walk away* kundi *run away* ang dapat! Alam natin kung tayo ay nalalagay sa panganib. Kinukutuban tayo. Ganoon din sa makalaman na pagnanasa. Para bang may pumitik ng iyong ulirat. Kaya, sa sandaling ito . . . takbo! Mahirap isagawa ito nang walang *prior commitment* kapag dumating ang ganitong pangyayari. Dapat na angkinin muna na ito ay kasama sa gabay ng buhay; kasama sa ating *lifestyle*.

d) **Ang tungkol sa divorce.** Sa Matthew 19:3-9 ay nakatala ang isang pagsubok na ginawa ng mga pariseo kay Jesus. Nagtanong sila ng ganito: *Puwede ba sa batas na i-divorce ng isang lalaki ang kanyang asawa dahil sa anumang dahilan?* Sinagot sila ni Cristo: *Hindi n'yo ba alam, na sa simula, hinubog ng Manlilikha ang lalaki at ang babae at ang Kanyang sabi ay, "Dahil dito iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikiisa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isang laman? Hindi na sila dalawa kundi isa. Kaya nga, kung ano ang pinagbuklod ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.*

Nagtanong ulit ang mga pariseo, *Eh, bakit pina-utos ni Moses na bigyan ng divorce certificate ang asawang babae bago paalisin?* Sinagot sila ni Jesus, *Pinayagan kayo ni Moses na i-divorce ninyo ang inyong asawang babae dahil sa ang puso ninyo ay bato. Subalit hindi ganito ang kalagayan noong unang panahon. Sinasabi Ko sa inyo na sinumang mag-divorce ng asawang babae, maliban sa adultery, at mag-asawang muli ay guilty ng adultery.*

Sa Matthew 5:31-32, ang sabi ni Jesus ay ganito: *Ang sabi dati, 'Ang sinumang mag-divorce ng asawa ay dapat magbigay sa asawa ng certificate of divorce.'* Subalit sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang mag-divorce ng asawang babae, maliban sa adultery, ay sanhi ng pagiging adulteress niya, at ang sinumang mag-asawa ng hiwalay na babae ay guilty rin ng adultery.

Dito sa Pilipinas, hindi pinapayagan ng batas ang divorce, maski anumang rason. Subalit sinasabi dito ni Cristo na hindi labag sa batas ng mga Hudyo na hiwalayan ang asawang babae na nangalunya o kumaliwa. Kinakailangan lamang na bigyan siya ng *certificate of divorce*. Kaya lumalabas na mas marunong pa ang ating gobyerno kaysa sa Panginoong Jesus tungkol sa bagay na ito.

e) **Ang tungkol sa panunumpa** - ang *lifestyle* natin ay dapat na *Oo* o *Hindi* lang. Wala na yung peksman o cross my heart. Basta lagi tayong magsasabi ng totoo at tutuparin natin yaong sinabi nating ating gagawin.

f) **Ang tungkol sa paghihiganti** - pabayaang mo na sa Diyos ang bagay na ito. Mababasa natin ito sa Romans 12:19. Hindi dapat suklian ng masama ang masamang ginawa sa iyo. Dapat nating matutuhan na

huwag kamuhian ang ating mga kaaway. Bagkos dapat natin silang ipanalangin at mahalín. Walang lugar ang pagkamuhí sa puso ng isang mananampalataya kundi yaong pagkamuhí sa kasalanan.

g) **Ang tungkol sa pagmamahal sa kaaway** – dapat nating isaala-ala na ang Diyos ay pag-ibig at Kanyang inilalaan ang liwanag at init ng araw para sa mabuti at masamang tao, at gayon din naman ang ulan. Isipin din natin ang sinasabi sa Romans 5:8 na, *Ipinamalas ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.* Ang kapatid natin sa Panginoon ay maaaring maging kaaway natin bukas makalawa. Hindi mapagkakaila na mahirap magmahal ng ating mga kapamilya at kapitbahay na hindi naman natin kaaway, ano pa kaya ang mahalín ang ating kaaway. Nangangailangan ng lakas ng puso ang magmahal sa kaaway. Ang mga nagtitiwala lamang kay Cristo ang makagagawa nito.

h) **Ang tungkol sa pagtulong sa mahihirap, sa pagdarasal at pag-aayuno** – ang babala sa atin ni Cristo ay huwag tayong hipokrito na pakitang tao lamang ang pagsasagawa nila ng mga ito. Huwag nating kalimutan na sa puso nakatingin ang Lord kaya alam Niya ang motibo ng ating pagkilos. Ang ginagantimpalaan lamang ay ang may tamang motibo – ang kalooban ng Diyos.

i) **Ang tungkol sa pag-iimpok ng kayamanan** - Ang tunay na kayamanan ay nasa langit. Sinasabi sa Job 1:21 na, *Tayo ay hubad na dumating sa mundo at hubad din tayo aalis.* Samakatuwid, ang lahat ng ating yamang material ay iiwan natin sa sandali ng ating pagpanaw. Dapat nating pakatandaan na kung tayo ay hindi naglilingkod sa Diyos, siguradong ang ating pinaglilingkuran ay salapi. Siguradong tayo ay may paglilingkuran sapagkat nasa sa ating kalikasan ang maglilingkod nang tayo ay likhain ng Diyos. Ang salapi ang pinaka-makapangyarihang bagay sa mundo.

Hindi dapat nag-aalala ang mananampalataya patungkol sa pagkain, damit o tirahan. Kapag ang *priority* natin ay ang kaharian ng Diyos at tayo ay nananalig sa Kanyang mga pangako, hinding hindi Niya tayo pababayaán. Ipinangako ng Diyos na hindi Niya tayo susubukin nang lampas sa ating kakayahan (1 Corinthians 10:13).

j) **Ang tungkol sa paghuhusga** - Huwag tayong naghuhusga. Sa ating sarili lamang ay marami na tayong mahuhusgahan. Kaya huwag na nating pulaan ang iba pa. At kung tayo ay may pangangailangan, humingi tayo sa Diyos. Sa Kanya tayo lumapit at hindi kung kani-kanino. Gawin mo sa iba ang gusto mong gawin nila sa iyo.

Multiple Choice:

1. Ano ang tamang gawin patungkol sa isyu ng pagnanasa na sinabi ni Jesus sa Mateo 5:29-30?
 - a. Iminungkahi Niya na yakapin ang pagnanasa bilang natural na bahagi ng kalikasan ng tao.
 - b. Sinabi Niya na putulin at itapon ang anumang bagay na nagiging sanhi ng pagkatisod ng isa.
 - c. Inirekumenda Niya na humingi ng pagpapayo sa isang counsellor upang ma-control ang mahalay na pagnanasa.
 - d. Hinihikayat Niya na huwag itong pansinin at ituon ang atensyon sa ibang aspeto ng buhay.

2. Sa Mateo 5:31-32, ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa *divorce* at *remarriage*?
 - a. Pinahihintulutan Niya ang *divorce* sa anumang dahilan at hinihikayat ang muling pag-aasawa.
 - b. Pinahihintulutan Niya ang *divorce* sa kaso ng pangangalunya ngunit hindi tinugunan ang muling pag-aasawa.
 - c. Kinondena Niya ang *divorce* maliban sa kaso ng pangangalunya at ang muling pag-aasawa ay itinuturing na pangangalunya.
 - d. Ipinagbabawal Niya ang *divorce* at muling pag-aasawa sa anumang pagkakataon.

3. Paano natin maisasabuhay ang turo ni Jesus patungkol sa panunumpa na matatagpuan sa Mateo 5:33-36?
 - a. Dapat tayong manumpa ng madalas upang maipakita ang ating katapatan.
 - b. Dapat na lubusang iwasan ang panunumpa at sikaping magsalita ng totoo sa lahat ng oras.
 - c. Ang panunumpa ay katanggap-tanggap lamang sa religious setting.
 - d. Gumawa ng panunumpa kung kailangan upang bigyang-diin ang ating salita.

4. Paano natin maisasabuhay ang turo ni Jesus patungkol sa paghihiganti na matatagpuan sa Mateo 5:38-42?
 - a. Tayo ay dapat pisikal na lumaban sa umaatake sa atin.
 - b. Tanggapin na lamang ang pang-aabuso ng walang pagtutol.
 - c. Matutong maghiganti sa tamang pagkakataon.
 - d. Tumugon nang may kabaitan at pagpapatawad. Mahalin sila at ipanalangin.

5. Binanggit ni Jesus na pinasisikat ng Diyos ang Kanyang araw sa masasama at mabubuti at nagpapaulan sa mga matuwid at hindi matuwid. Ano ang inilalarawan nito?
 - a. Ang kabaitan, pag-ibig at pagiging makatarungan ng Diyos.
 - b. Ang mas magandang pagtingin ng Diyos sa mga matuwid.
 - c. Ang pagwawalang-bahala ng Diyos sa mundo.
 - d. Ang pagpapakita na walang makakaunawa sa Diyos.

6. Ano ang life application na itinuturo ng Panginoong Jesus sa Mateo 6:1-4?
 - a. Magbigay ng bukas-palad upang makakuha ng pagkilala.
 - b. Magbigay ng maingat, nang hindi naghahanap ng atensyon o papuri.
 - c. Magbibigay lamang sa mga malalapit na kaibigan at pamilya.
 - d. Magbigay lamang kung mayroon kang labis na kayamanan.

7. Hinihikayat sa Mateo 6:6 ang pribadong panalangin. Paano mo ito magagamit sa iyong buhay panalangin?
 - a. Patuloy na manalangin sa publiko upang magpakita ng halimbawa para sa iba.
 - b. Maghanap ng isang tahimik at pribadong lugar para sa personal na panalangin.
 - c. Manalangin lamang sa harapan ng iba.
 - d. Iwasan ang pagdarsal dahil ito ay isang pribadong bagay.

8. Ayon sa Mateo 6:16-18, paano mo magagawa ang pag-aayuno sa makabuluhang paraan?
 - a. Ipahayag nang malakas sa iba ang iyong pag-aayuno.
 - b. Mabilis na gawin, na walang anumang layunin o pagmumuni-muni.
 - c. Mag-ayuno nang pribado at may espirituwal na layunin.
 - d. Huwag makisali sa pag-aayuno; ito ay hindi kailangan.

9. Sa pagbubulay-bulay sa Mateo 6:19-21, paano mo dapat unahin ang iyong mga kayamanan at ari-arian?
 - a. Mag-ipon ng mas maraming kayamanan hangga't maaari sa mundo.
 - b. Mag-impok ng mga kayamanan sa langit sa pamamagitan ng pag-gamit ng resources sa pagsulong ng gawain ng Diyos dito sa lupa.
 - c. Humanap ng materyal na pag-aari *at all cost*.

10. Paano mo dapat isabuhay ang alituntunin ng “Huwag humatol, upang hindi ka mahatulan” (Mateo 7:1) sa iyong pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan?
 - a. Huwag kailanman mag-alok ng *constructive criticism*.
 - b. Maging *mindful* sa iyong mga pagkukulang at huwag husgahan ang iba.
 - c. Patuloy na punahin ang mga aksyon ng iba.
 - d. Laging magtiwala sa iyong mga *instinct* sa mga tao.